

Paksa: Aplikasyon para sa Di-Nabayarang Upa at COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA

Mahal na [Nagpapaupa],

Ako ay sumusulat para ipaalam sa iyo na inumpisahan ko ang pinagsamang aplikasyon para sa programa ng Estado ng Californiang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA upang matulungang mapagtakpan ang naipong di-nabayarang upa matapos ang Abril 1, 2020. Makakatanggap ka ng pasabi sa iyong email na magbibigay ng link sa ating aplikasyon. Hinihimok kitang buuin ang bahagi ng nagpapaupa sa ating pinagsamang aplikasyon upang tuwiran kang mabayaran ng Estado sa di-nabayarang upa sa aking unit.

Nakamit ko na ang pagiging karapat-dapat at naibigay ko na ang mga kinakailangang katibayan para maging karapat-dapat . **Ako ay nakikipag-ugnayan sa iyo para himukin kang buuin na rin ang bahagi ng nagpapaupa ng ating pinagsamang aplikasyon upang matanggap nang lubos ang kabayaran sa upang iyong matanggap nang tuwiran mula sa Estado ng California.**

Kung hindi mo mabubuo ang bahagi ng nagpapaupa ng ating aplikasyon, hindi ka tuwirang mababayaran ng Estado. **Pinahihintulutan ng Batas ng Pederal ang pitong (7) araw upang buuin ang iyong bahagi ng sa ating aplikasyon bago sabihan ang Estadong tuwiran akong bayaran ng pondo.** Mas mapapabilis ang pagbabayad kung mag-aapply tayo nang sabay

Para mag-apply, kailangan mong magbigay ng katibayan ng mga sumusunod:

- Kasunduan sa pagpapaupang nagtataglay pangalan ng umuupa, tirahan, at buwanang upang dapat bayaran
- Rent ledger o Kasulatan sa upang nagpapakita ng mga hindi nababayarang upa mula Abril 1, 2020
- W-9 (para sa buwis na layunin)

Ang tulong na tuwirang ibabayad sa nagpapaupa sa programang ito ay ituturing na kita. Anumang kaalamang ibibigay mo ay hindi ko makikita o hindi ko maaaring makuha sa anumang paraan.

Para sa dagdag na kaalaman at mag-apply, tumungo sa [HousingIsKey.com](https://www.HousingIsKey.com) o tumawag sa 833-430-2122. Salamat sa iyong pagsasa-alang-alang sa pagkakataong ito. Ito ay aking pinahahalagahan.

Maraming salamat,
[Umuupa]